

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Pagkilala sa pang-ukol

Panuto: Ikahon ang pang-ukol sa bawat pangungusap.

1. May balita ka ba tungkol sa parating na bagyo?
2. Ayon sa ulat na ito, itinaas ang bababalang *Signal Number 3*.
3. Baka *supertyphoon* daw ito, ayon sa kapitbahay natin.
4. Kinansela ang mga klase sa elementarya at haikul.
5. Para sa mga mangingisda ang babalang narinig natin.
6. Ang mga opisyal ng barangay ay nagtutulungang ilikas ang mga tao.
7. Ukol sa paglikas nila ang balitang ito.
8. Laban sa utos na ibinigay ang hindi lumikas.
9. May mga baterya ba tayong para sa plaslayt?
10. Ang mga kapote at botas ay para kina Roberto at Lino.
11. I-charge natin ang *cell phone* ni Lino.
12. Kung mawala ang kuryente, tanggalin mo ang mga plag sa mga kuwarto.
13. Tinanggal ko na ang plag ng telebisyon kanina.
14. Ililigpit ko muna ang mga gamit ni Roberto.
15. Saan natin itatago ang proyekto nina Lino at Roberto?
16. Ayon kay Tatay, mas mabuting hintayin natin lumipas ang bagyo.
17. Ang paghahanda natin ay alinsunod sa tagubilin niya.
18. Naghihintay si Roberto kina Lolo at Lola.
19. Nakahain na ang pagkain ng mga bata.
20. Ulam at kanin ang tinira ko para kay Mel.